

Matuto kang lumugar: Semantik na lapit sa grammar ng Filipino na nakatuon sa konsepto ng LUNAN¹

Jem R. Javier

Abstrak

Gamit ang lenteng Teorya ng Konseptuwal na Metapora (Conceptual Metaphor Theory) at kaakibat ang iba't ibang prinsipyong itinataguyod ng semantik na dulong sa pag-aaral ng grammar, tatangkaing suriin ng papel na ito ang konseptuwalisasyon ng LUNAN sa wikang

¹Ang papel na ito ay hango sa disertasyon ng may-akda na pinamagatang, *Semantik na Grammar ng Filipino* (Javier, 2022), na idinepensa at isinumite sa Departamento ng Linggwistiks, Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman. Nagpapasalamat ang may-akda sa suportang ipinagkaloob ng Opisina ng Tsanselor ng UP Diliman, sa pamamagitan ng PhD Incentive Award (Project no. 242406) na pinangangasiwaan ng Opisina ng Bise-Tsanselor para sa Pananaliksik at Pagpapaunlad (o Office of the Vice-Chancellor for Research and Development). Nagpapasalamat din ang may-akda sa mga komento at mungkahi ng mga nagrebyu upang lalong mapag-inam ang artikulo, gayundin sa patnugutan ng journal sa paglalaan ng espasyo upang mailathala ang resulta ng pananaliksik na ito.

Filipino. Partikular na bibigyang-tuon ang paggamit ng panandang *sa* at pagkakabit ng panlaping *-an* na kapwa malaganap ang paggamit sa iba't ibang gramatikal na konstruksiyon sa Filipino. Dahil sa pagkakakiling ng mga teoretikal na balangkas sa lapit-batay-sa-gamit (usage-based approach), ginamit ang korpus ng wikang Filipino bilang gabay. Sa pagsusuri ng mga pahayag at pagpapangkat-pangkat sa mga ito batay sa mga ISKEMANG PAMPANGYAYARI (EVENT SCHEME), isinaad sa papel ang pagdalumat (at kaakibat na pagpapahayag) ng abstrak na LUNAN sa Filipino na naisasalin sa iba't ibang ISKEMANG PAMPANGYAYARI habang pinananatili ang kayariang metaporikal (metaphorical construct) ng LUGAR. Inilahad din ng papel ang iba't ibang gamit ng panandang *sa* bilang prototype at ekstensiyon ng LUNAN: (bahagi ng) pang-ukol, pagpapahayag ng metaporang PANAHOON BILANG LUNAN, pananda ng lokasyon (locative marker), at pananda ng nominalisadong pandiwa o pang-uring di-binanghay. Samantala, inilarawan din ang gawi ng panlaping *-an* at ang ibinubungang semantik na pahiwatig ng mga sumusunod na konstruksiyon: anyo ng verb na may semantik na tungkulin (semantic role) na LOCATION; metapora ng LUNAN sa pandiwang KAGANAPAN; metapora ng LUNAN sa mga pandiwang KAISIPAN/PAKIKIPAGTALASTASAN. Sa huli, naglatag din mga ng tala ukol sa mga nosyon ng SANHI-AT-BUNGA at konsepto ng LUNAN sa Filipino, at ilan pang obserbasyon

sa potensiyal ng ganitong pagsusuri tungo sa higit na holistikong paglalarawan sa grammar at mga ekspresyon sa wikang Filipino.

Keywords: LUNAN, Conceptual Metaphor Theory, wikang Filipino, semantik na lapit sa grammar

Abstract

Using the lens of Conceptual Metaphor Theory together with related principles put forward by the semantic approach to grammar, this paper attempts to examine the conceptualization of SPACE in the Filipino language. It focuses particularly on the use of the marker *sa* and the affix *-an*, both of which are widely used in different grammatical constructions in Filipino. As the study utilizes theoretical frameworks that are inclined toward the usage-based approach, a Filipino language corpus is used as a guide in navigating linguistic data. In analyzing and classifying expressions according to EVENT SCHEMAS, the paper describes how Filipino conceptualizes (and, accordingly, expresses) abstract space as it is mapped onto different EVENT SCHEMAS while preserving the metaphorical construct of SPACE. The paper also presents the various uses of the marker *sa* as the prototype and extension of SPACE: as (part of) a preposition, expression of the metaphor TIME AS SPACE, LOCATIVE marker, and marker of nominalized verbs or unconjugated adjectives. Meanwhile, it also describes the behavior of the affix *-an*

and the resulting semantic implications for the following constructions: verb forms with the semantic role of LOCATION; the metaphor of SPACE in ACHIEVEMENT verbs; and the metaphor of SPACE in MENTAL/LANGUAGE-USE verbs. Finally, the paper offers notes on the notions of CAUSE-AND-EFFECT and the concept of SPACE in Filipino, along with further observations on the opportunities for this kind of analysis in developing a more holistic description of the grammatical structure and expressions in Filipino.

1 Panimula

Dadalumatin sa papel na ito ang gramatikal na konstruksiyong laganap sa iba't ibang URI NG SITWASYON (SITUATION TYPE) ng wikang Filipino sa lente ng Teorya ng Konseptuwal na Metapora (Conceptual Metaphor Theory o CMT). Ang mga konstruksiyong pagtutuunan ng pansin ay ang paggamit ng panandang *sa* at pagkakabit ng panlaping *-an* na naobserbahang laganap na laganap na ginagamit sa Filipino, anuman ang uri ng sitwasyon na kinabibilangan ng konstruksiyon. Sa pamamagitan nito, masisinop at maipapaliwanag ang pagdalumat at pagbibigay-katuturan ng iba't ibang pangyayari, aksiyon, at estado bilang metaporikal na pagpapalawig ng semantiks ng konsepto ng LUNAN sa wikang Filipino.

Ang wika ay itinuturing na metaporikal (Lakoff & Johnson, 1980). Ang mga pahayag gaya ng, *Ang tagapagpadaloy ng programa*, ay gumagamit ng metapora, dahil sa paglalapat ng konsepto ng isang

bagay na dumadaloy sa isang abstrak na bagay na nagpapahayag ng gawain (*programa*). Alinsunod sa argumento ni Pinker (1997), kung susuriin halimbawa ang dalawang pangungusap sa ibaba:

(1) *Napunta sa Malabon ang binata.*

(2) *Napunta sa binata ang mana.*

mapapansin ang paggamit ng iisang anyo ng pandiwa. Gayunman, hindi maaaring sabihing ang konsepto ng LOKASYON at konsepto ng PAG-AARI ay magkasalikop; bagkus, ipinapahiram lamang ng konsepto ng LOKASYON ang ilang katangian nito upang maunawaan nang ganap ang konsepto ng PAG-AARI. Sa katunayan, inihayag ni Enriquez (2004) na ang pangungusap na locative, maging ang mga pangungusap na existential, possessive, at prepositional, ay may kani-kaniyang indibidwal na kayarian at kagawiang sintaktik sa Filipino. Ang pangungusap (1) ay naglalarawan ng pisikal na paglipat ng lunan, samantalang ang aktuwal na pagsasagawa ng pagbibigay ng mana ay hindi nangangailangan ng paglipat ng lugar, kundi paglipat ng pagmamay-ari na kadalasan ay sa pamamagitan ng speech act na nagaganap kapag nabigyang-bisa ng umiiral na batas ang kaukulang legal na dokumento.

Sa pagpapahayag ng ugnayan sa pagitan ng mga pangngalan sa isang pangungusap, ang tagapagsalita ay gumagamit ng image schema na LOCATION upang, sa metaporikal na paraan, maipakita ang ugnayang ito. Ang image schema na ito ay nahahango bunsod ng paghahanap ng kahawig na sitwasyon kung kailan nararanasan ang ganitong pag-uugnayan.

Sa papel na ito ipamamalas na maraming pamamaraang pangwika sa Filipino ang nakaangkla sa metaporikal na konstruksiyon (metaphorical

construct) ng LOKASYON. Ang mga panandang nominal, sugnay na pang-abay (adverbial clause) at pariralang pang-uri (adverbial phrase), panlaping pandiwa (verbal affix), at iba pa ay hindi lamang nagpapahayag ng literal na interpretasyon ng LOKASYON, kundi ito ay lumalagos din sa iba pang ekspresyon na maituturing na metaporikal, upang maipahayag ang ugnayan sa pagitan ng mga komplemento sa loob ng pangungusap.

Maliban sa CMT, gagamiting batayan ng pagsusuri ang mga konseptong itinataguyod ng cognitive linguistics (Langacker, 1987, 1991, 2002, 2008), upang magsilbing andamyo sa paglalarawan ng mga kayarian ng mga halimbawang pangungusap at pahayag sa ibaba. Ang lapit na ito ay nagtataguyod ng mga sumusunod na prinsipyo:

1. ang konseptuwal na estruktura ay hinuhulma ng persepsiyon at interaksyon ng tao sa daigdig; at
2. ang wika ay repleksiyon ng kognitibong estruktura ng tao, samakatuwid, mga konseptong hinuha sa interaksyong sensory-motor sa mundo, na maaaring imodelo sa pamamagitan ng mga imahe, o image schema.

(nasa Evans & Tyler, 2005, p. 3; salin mula sa orihinal na Ingles)

Kaugnay ng mga prinsipyong nabanggit, ayon kina Radden at Dirven (2007), ang mga karanasan ng tao ay maaaring maisakatawan ng iskema, i.e., ISKEMANG PAMPANGYAYARI, na maaari namang sumahin sa tatlong “world of experience:” material world, psychological world, at force-dynamic world (nasa Javier, 2014). Ang material world ay tumutukoy sa kung paano umiiral, nagbabago, o nagdaraan sa proseso ang daigdig na binuo (structured world). Ang psychological world ay ang panloob na daigdig ng sensasyon, emosyon, persepsiyon, at pag-iisip ng mga tao. Ang force-dynamic world naman ang panlabas

na daigdig ng aksiyon, puwersa, at ugnayang sanhi-at-bunga. Kaiba sa material world, ang mga tao ay ang pangunahing pasimuno ng mga pangyayari sa force-dynamic world. Sa pamamagitan ng tatlong world of experience na nabanggit, maaaring buuin ang imbentaryo ng mga ISKEMANG PAMPANGYAYARI.

Ang mga pangyayaring nakapaloob sa material world ay binubuo ng mga pangyayaring nagbibigay-turing sa mga bagay tulad ng ESTADO at PROSESO (STATE at PROCESS), LOKASYON at GALAW (LOCATION at MOTION), at PAGMAMAY-ARI (POSSESSION). Maipapangkat ang mga sitwasyon dito sa tatlong ISKEMANG PAMPANGYAYARI: ang ISKEMANG PANSITWASYON (OCCURRENCE SCHEMA), ISKEMANG PANG-ESPASYO (SPATIAL SCHEMA), at ISKEMANG PAMPAG-UUGNAYAN/PAMPAGMAMAY-ARI (PERTINENCE/POSSESSION SCHEMA). Ang tatlong ISKEMANG PAMPANGYAYARI ay nagkakapareho sa paraang lahat sila ay may kaakibat na semantik na tungkuling THEME.

Ang ISKEMANG PANSITWASYON ay naglalarawan ng STATE o PROSESO na kinalalagyan o pinagdaraan ng isang entidad. Ayon kina Radden at Dirven (2007), ang nosyon na *occurrence* ay tumutukoy sa sentido ng kalagayan o sitwasyon ng mga bagay-bagay sa material world. Kung gayon, inilalarawan ang mga sitwasyong kabilang sa ISKEMANG PANSITWASYON na may simuno na may semantik na tungkuling THEME. Sa ilalim ng ISKEMANG PANSITWASYON ay may dalawang subkategorisasyon: ang STATE, na nagpapahayag ng payak na relasyong atemporal, at PROCESS, na nagpapahayag naman ng komplikadong relasyong temporal.

Sa cognitive grammar, ang mga semantik na tungkuling hindi kasama sa mga ISKEMANG PAMPANGYAYARI, o payak na pangungusap, na

naglalarawan ng LUNAN, PANAHOON, SINGKUNSTANSIYA, SANHI, DAHILAN, LAYUNIN, at iba pa, ay tinatawag na sekundaryang tungkulin (peripheral role). Ang mga ito ay kadalasang ipinapahayag ng mga pariralang pang-ukol (prepositional phrase) sa ibang mga wika at nagpapamalas ng mga relasyong pang-espasyo. Ang LUNAN ang isa sa pinakapayak na danas at madalas na iniaangkop sa iba't ibang sentido gaya ng panahon at iba pang abstraktong domeyn. Ang metapora ng LUNAN na inilalahad ng mga pangungusap at parirala sa wika ay nagpapamalas ng lawak ng konseptuwal na metapora sa grammar (Radden & Dirven, 2007, p. 303).

Ang datos na ginamit sa pananaliksik ay nakasandig sa korpus ng kasalukuyang gamit ng Filipino². Ito ay naglalaman ng linggwistik na

²Batid ng may-akda na ang usapin ng Tagalog vs. Filipino ay karapat-dapat sa isang hiwalay na pag-aaral na ang tuon ay linggwistiks. Marami nang naisagawang pag-aaral na kumikilala sa Filipino sa labas na kaligiran (extralinguistic) gaya ng sosyolinggwistiks, lexicography, pedagogy, panitikan, at iba pa. Ang pag-aaral na ito ay isang tangkang mag-ambag sa linggwistik na aspekto ng paglalarawan sa Filipino bilang pambansang lingua franca. Isa si Paz (1995) sa mga naglatag ng argumentong nagpapakita sa Filipino bilang wikang nagtataglay ng estadong pambansang lingua franca. Sa kaniyang papel na inilimbag noong 1995, inihanay niya ang depinisyon ng *linggwa frangka* sa konteksto ng multilinggwal at multikultural na bansa gaya ng Pilipinas. Iginiit din niyang sa kabila ng masalimuot na kasaysayan ng bansa, organiko at demokratiko ang pagkakabuo ng linggwa frangka (kahit sa pambansang antas) at ito ay napagtitibay ng malawakan at matagalang pananaliksik ng mga akademiko at dalubhasa sa pag-aaral ng wika at diyalekto. Kaya naman, mula sa ebidensiyang pangkayarian, panlipunan, at sikolohikal, makikita ang kakanyahan ng Filipino bilang wika na, bagaman malapit sa isang partikular na wika (i.e., Tagalog) ay sumusulong at tumatahak ng ibang landas tungo sa pagiging isang wikang mapaglangkap at nagagamit ng lahat, kaya naman nakalalahok ang nakararami sa mga pambansang diskurso at pagpapasya. Dahil dito, gagamiting pamantayan sa pagbibigay-kahulugan sa Filipino ang kaakibat na paglalahad ng batayang deskripsiyon ng Filipino, ayon sa Resolusyon Blg. 92-1 na pinagtibay ng Komisyon sa Wikang Filipino noong 13 Mayo 1992: “Ito ay ang katutubong wika, pasalita at pasulat, sa Metro Manila, ang Pambansang Punong Rehiyon, at sa iba pang sentrong urban sa arkipelago, na ginagamit bilang wika ng komunikasyon ng mga etnikong grupo. Katulad ng alinmang wikang buhay, ang

datos na nakalap sa iba't ibang batis na lumitaw mula 1997—10 taon mula nang isinaad ng Saligang Batas ang Filipino bilang Wikang Pambansa noong 1987. Ang korpus ay nagmula sa proyektong, *UP Monolingwal na Diksiyunaryong Filipino*, kung saan kasapi rin ang mananaliksik.³ Dahil sa hindi pa naisasapubliko ang binuong korpus at sa layuning makapaglahad ng datos na malinaw na nagpapakita ng mga halimbawang nais itampok sa mga ipinupunto sa pag-aaral, minarapat ng may-akda na gumamit ng datos na ginagabayan ng korpus, yamang ang may-akda ay taal na mananalita ng Filipino. Sa ganitong paraan, ginamit ang dulong na corpus-guided at introspection sa pagkalap, paglalatatag, at pagsusuri ng linggwistik na datos.

Sa pamamagitan ng lapit na batay-sa-gamit (usage-based approach), inilalarawan ang kayarian ng wika kung paano ito aktuwal na ginagamit ng mga tagapagsalita. Sinuri ang datos at ang mga semantik at sintaktik na katangian ng bawat isa. Pagkatapos, ipinaghambing-hambing ang mga estruktura sa iba pa, hanggang makabuo ng mga semantik na uri (semantic type) at pagkatapos ay sinuri ang sintaktik na kaanyuan (syntactic profile) ng mga ito. Ang mga anyo na nakalap, kapwa

Filipino ay dumaraan sa proseso ng paglinang sa pamamagitan ng mga panghihiram sa mga wika ng Pilipinas at mga di-katutubong wika at sa ebolusyon ng iba't ibang baryedad ng wika para sa iba-ibang sitwasyong sosyal, sa mga nagsasalita nito na may iba't ibang sanligang sosyal, at para sa mga paksa ng talakayan at matalisik na pagpapahayag” (Naglalalahad ng Batayang Deskripsyon ng Filipino, 1992).

³Ang mananaliksik ay nakipag-ugnayan sa UP Monolingwal na Diksiyunaryong Filipino project, isang kasalukuyang kolaboratibong proyekto sa pagitan ng Departamento ng Linggwistiks, Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, at Kolehiyo ng Inhenyeriya ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman, upang makakuha ng access sa korpus ng Filipino. Ang korpus ay binubuo ng 7,387,569 salita kung saan 40% ang pasulat at 60% ang pasalitang anyo ng Filipino na ginagamit sa kasalukuyan at partikular sa mga lugar sa Pilipinas na tinaguriang metropolitan—Kalakhang Maynila, Kalakhang Cebu, at Kalakhang Davao.

ugat at mga stem, ay ipinangkat-pangkat naman ayon sa semantik na uri, bukod sa gramatikal na kategorya kung saan ito kabilang. Matapos na mailahad ang mga semantik na uri, tinuklas naman ang mga parameter o kondisyon ng pag-iral nito sa pangungusap, kasama ng iba pang bahagi ng pangungusap. Ito ang siyang magtitiyak ng gramatikal na pagkakatatap ng binubuong sugnay. Sa huli, ang mga impormasyong nakalap ay nakapagbuo ng isang semantik na paglalarawan at pagpapaliwanag sa grammar ng Filipino, na sa papel na ito ay nakatutok sa konseptuwalisasyon ng LUNAN.

Ang inisyal na naging batayan ng analisis sa mga kayariang may kinalaman sa LUNAN ay ang pag-aaral ni Dixon (2005) na nakatuon sa semantik na uri at kaakibat na sintaktik na gawi ng mga kasapi nito. Kaya naman, may mga terminolohiya at katawagan na hahanguin kay Dixon (2005) (at maging sa mga pantuwang na sanggunian gaya ng kay Jackson, 1990, para sa mga uri ng sitwasyon; at Malicsi, 2012, para sa mga semantik na tungkulin sa wikang Filipino) dahil sa ang mga ito ay katugma ng katangian ng kayarian ng wikang Filipino. Bukod sa gramatikal na kategorya, ang mga salita ay ipinangkat sa mga semantik na uri na ang bawat kasapi ay naglalaman ng magkakahawig o magkakaugnay na kahulugan (halimbawa, semantik na uri na PERCEPTION para sa mga ugat na pandiwa (token) na *tingin*, *kinig*, *pansin*). Sa pamamagitan ng pagbabalangkas ng gramatikal na gawi ng bawat salita, lilitaw na ang mga salitang napabibilang sa isang semantik na uri ay may magkakapareho, kung hindi man iisang, gramatikal na gawi kung ilalagay sa pangungusap.

Maaaring ipangkat ang mga salita sa leksikon ng isang wika sa ilang semantik na uri, na ang kumakatawan sa isang karaniwang komponent

ng kahulugan at magkakaparehong gramatikal na katangian. Pagkatapos na maipangkat ang mga salita, mula sa korpus ay hahanguin upang suriin ang anyo ng kayarian ng sugnay na ibinubunsod ng mga ito gaya ng mga panlaping ikinakabit, mga komplementong kinakailangang kasamang umiiral, mga pananda ng mga naka-focus at di-naka-focus na komplemento, at iba pa.

Sa pag-aaral na ito, korpus ng aktuwal na gamit ng Filipino ang gagamiting batayan sa paglalahad ng semantik na grammar ng naturang wika. Hinahangad nitong sagutin ang mga tanong ukol sa gramatikal na gawi ng mga aspekto ng wikang Filipino na sumasalamín sa konseptuwalisasyon ng LUNAN, na maaaring masipat sa pag-aaral ng sistema ng pagpapakahulugan nito.

2 Ang Dalumat at Pagpapahayag ng Abstraktong LUNAN sa Filipino

Ang pagpapahayag ng mga pangungusap sa loob ng isang diskurso ay masasabing pahiwatig ng paraan ng pagtanaw ng tagapagsalita sa mundo. Isa sa mga itinuturing na unibersal sa halos lahat ng wika ay ang paraan ng pagsasametapora ng konsepto ng LUNAN at mga nakapalibot na konsepto sapagkat ayon na rin kina Evans at Tyler (2005),

...habang natatanaw ng mga tao ang makatotohanang eksena sa mundo bilang isang komplikadong gestalt, kung saan may ilang elementong pinagtutuunan ng pansin samantalang may ibang nasa kaligiran, ang kalikasan ng

ating mga katawan at pasalitang wika ay nagreresulta ng sunurang pagbalangkas ng impormasyon kapag ang komunikasyon ay nagaganap sa pamamagitan ng wika (p. 13; salin mula sa orihinal na Ingles).

May mga linggwist, partikular na ang mga tagasunod ng cognitive linguistics, na naghain ng pananaw na ang konsepto ng LUNAN hindi lamang limitado sa pisikal na heograpikal na espasyo; sa halip, ito ay humahangga rin sa pagtanaw (at kinalaunan ay pagpapahayag) ng panahon at abstraktong lunan. Dahil dito, ang konsepto ng LUNAN at ekstensiyon nito ay mahahati sa tatlo: PISIKAL NA LUNAN, PANAHOONG PANG-ESPASYO (SPATIAL TIME o paggamit ng mga konseptong panlunan upang katawanin ang panahon), at ABSTRAKTONG LUNAN. Binigyang-depinisyon nina Radden at Dirven (2007, p. 326) ang ABSTRAKTONG LUNAN bilang domeyn na, maliban sa lugar at panahon, ay tinitingnan din sa pamamagitan ng konsepto ng PISIKAL NA ESPASYO. Ito ay ang mga abstraktong domeyn ng mga sekundaryang tungkuling SIRKUNSTANSIYA, SANHI, DAHILAN, at LAYUNIN. Madalas ang mga konseptong ito ay ipinapahayag sa pamamagitan ng mga sugnay na subordinate, subalit maaari rin bilang mga pariralang pangngalan kung saan ang ulo ay isang abstraktong pangngalan.

Ang domeyn na SIRKUNSTANSIYA ay "...nauunawaan sa sentido ng panlabas na kondisyon na nakapaligid at posibleng nakaaapekto sa isang sitwasyon bilang tagpuan nito" (Radden & Dirven, 2007, p. 326; salin mula sa orihinal na Ingles). Sa Filipino, ang mga pangyayari ay napapailalim din sa metapora ng LUNAN, at kadalasang adverbial ang kalikasan; ibig sabihin, hindi nafo-focus ng panaguring pandiwa sa pangungusap. Tingnan ang mga sumusunod na halimbawa:

- (3) *Sa kabila ng mga pagsubok, hindi nawawalan ng pag-asa ang mga mamamayan.*
- (4) *Hindi kita bibitawan sa paglalakbay.*
- (5) *Pagsapit ng bagong taon, kumpleto pa rin ang mga daliri ko.*
- (6) *Labas ako diyan!*
- (7) *Sa gitna ng mga isyu, nanatiling matatag ang mag-asawa.*

Ang mga sitwasyong ito ay maaaring maipahayag sa iba't ibang paraan na ginagamit ng wika, gaya ng mga halimbawang pangungusap sa itaas. Sa pangungusap (3), ginamit ang sugnay na subordinate na naglalaman ng pariralang *sa kabila ng* at ng abstraktong pangngalan na *pagsubok*. Sa pangungusap (4), makikita ang paggamit ng panandang panlokasyon na *sa* para sa abstraktong pangngalan na *paglalakbay*. Sa pangungusap (5) naman, ipinapahiwatig na ang pangyayaring *bagong taon* ay metaporikal na dumarating *pagsapit* sa takdang panahon sa buhay ng tagapagsalita. Sa pangungusap (6), ipinapakita ang iskemang LOOB-LABAS sa Tagalog, na ipinapahayag na ang tagapagsalita ay wala sa loob, o hindi sangkot, sa pangyayaring ipinapahayag ng abstraktong pangngalan na *isyu*. At sa pangungusap (7), ipinopook ang simunong *mag-asawa* sa gitna ng SINGKUNSTANSIYA na *mga isyu*.

3 Ang Morpemang sa bilang Prototype at Ekstensiyon ng LUNAN

Ayon kina Evans at Tyler (2005), ang wika ng tao ay malimit na gumagamit ng mga metapora upang ilipat ang mga ideya mula sa isang

lalagyan patungo sa isa pa, kung kaya ang ilang mga morpema sa wika ay likas na polisemiko, bagaman kadalasang hindi ito napapansin ng mga taal na tagapagsalita ng wika. Ang pinakamatingkad sa mga ito ay ang morpemang *sa*.

3.1 *sa* bilang (Bahagi ng) Pang-ukol

Ipinakita ni Malicsi (2013) ang iba’t ibang tinatawag niyang pang-ukol kung saan bahagi ang *sa*, gaya ng makikita sa Talahanayan 1.

Talahanayan 1. Ang mga gamit ng *sa* bilang (bahagi ng) pang-ukol (sa may-akda ang diin)

Gamit	Halimbawang Pangungusap
relational	<i>Trainer saan si Jeff?</i> <i>Trainer sa strategic planning si Jeff.</i>
contrastive	<i>Nagtagumpay siya sa kabila ng kaniyang sakit.</i>
replacive	<i>Naglinis ako sa halip ni Tina.</i> <i>Naglinis ako sa lugar ni Tina.</i> <i>Naglinis ako sa halip na (naglinis) si Tina.</i>
extensive	<i>Hanggang sa paanan ng bundok ang lupaing minana ng pamilya ko.</i> <i>Hanggang (sa) SM lang ang ruta ng dyip na ito.</i>
purposive	[predicative] <i>Para sa aking kinabukasan ang lahat ng pagpapakasakit na ito.</i> [predicative] <i>Alang-alang daw sa bayan ang mga ginawang kudeta nina Honasan.</i> [adverbial] <i>Dumalaw sila sa probinsiya para sa piyesta.</i> [adverbial] <i>Nag-ipon ang mag-asawa para sa kanilang kinabukasan.</i>
exceptional	<i>Bukod pa sa ekonomiya ang inaasikaso ng presidente.</i> <i>Umalis na ang mga iskuwater maliban sa ilang siga.</i> <i>May kaya ang mga bayani tangi kay Andres.</i>
referential	<i>Tungkol sa stratehiya ang libro ni Sun Tzu.</i> <i>Nagsaliksik ang departamento ukol sa swardspeak.</i> <i>Nagkumperensiya ang mga titser hinggil na naman sa GE.</i>
causal	<i>Matatag daw ang ekonomiya ng Pilipinas dahil sa remittance ng mga OFW.</i> [adverbial only] <i>Salamat sa mga sakripisyo ng kanilang mga magulang, nakapagtapos sila ng pag-aaral.</i>

Semantik na lapit sa grammar ng Filipino na nakatuon sa konsepto ng LUNAN

Gamit	Halimbawang Pangungusap
genetic	<i>Buhat sa Ilocos ang karamihan ng Pilipino sa Hawaii.</i> <i>Napakayaman na niya ngayon kabit galing (siya) sa wala.</i> <i>Mula sa puso ang awit ko.</i> <i>Dapat talagang mula/buhat sa Bataan ang mga kandidato sa Miss Bataan.</i>
comparative	<i>Ginawa ko na ang lahat pareho sa inaasahan ninyo.</i> <i>Parehas/Tulad sa High School Musical ang Glee.</i> <i>Maganda ang pagkagawa ng estatwa kumpara sa gusto ninyong mangyari.</i> <i>Kaiba sa mga Thai ang mga Filipino.</i> <i>Naniningil ng komisyon ang mga opisyal ng gobyerno kumpara sa mga negosyante.</i>
accordant	<i>Ayon sa prinsipyo ang ating demonstrasyong ito.</i> <i>Na-impeach si Corona alinsunod sa legal na proseso.</i> <i>Batay sa ISO, Lunes ang unang araw ng linggo.</i> <i>Ibinenta niya ang stocks (ayon) sa advice ng kaibigan niya.</i> <i>Hindi na kami maghahabol sa korte (alinsunod) sa mungkahi ng abogado.</i> <i>(Batay) Sa pagkakaalam ko, lumikas sa Pransiya si Maria Magdalena.</i>
oppositive	<i>Laban sa batas ng Diyos ang abortion.</i> <i>Kontra sa sinabi niya ang sinasabi mo ngayon.</i>

Ang ibang mga wika gaya ng Ingles at Bahasa Indonesia ay may tiyak (closed) na set ng mga pang-ukol na naglalarawan ng ugnayan sa pagitan ng dalawang pangngalan sa konteksto ng PISIKAL NA ESPASYO o METAPORIKAL NA ESPASYO. Halimbawa, ginagamit sa Ingles ang mga pang-ukol na *from*, *along*, *to*, at *at/in* para sa SOURCE, PATH, GOAL, at LOCATION. Ganito rin ang mamamalas sa Bahasa Indonesia: *dari*, *sekitar*, *ke*, at *di*. Sa kabilang banda, ang Filipino ay gumagamit ng *sa* kasama ang mga pangngalang LOCATIONAL:

(8) (*mula/galing*) *sa*

Sa gitna ng mga isyu, nanatiling matatag ang mag-asawa.

⁴Ang *kay* ay ang anyong *sa* (*sa*-form) ng pananda para sa panauhang pariralang pangngalan.

(9) *sa (kahabaan ng)*

Alam mong piyesta na kapag nakita mo na ang mga banderitas sa (kahabaan ng) kalsada ng aming barangay.

(10) *(para) sa*

Pakiabot po ang bayad (para) sa ale.

(11) *sa (loob ng)*

Kunin mo ang bentilador sa (loob ng) silid.

Ang iba pang halimbawa ay ang mga sumusunod: *sa ilalim ng*, *sa ibabaw ng*, *sa labas ng*, *sa tabi ng*, *sa gilid ng*, at *sa likod ng*.

Maaaring sabihin na ang Filipino ay nakapaglalarawan ng ugnayang panlunan sa pagitan ng mga pangngalan sa isang pangungusap; gayunman, ang pagtukoy sa ugnayang ito ay ginagamitan ng pariralang pahayag (phrasal expression) at hindi isang leksikal na item gaya ng makikita sa Ingles (Fortis & Fagard, 2010). Magkagayunman, mahalagang itala ang pamalagiang pag-iral ng morpemang *sa* sa pagpapahayag ng ugnayang panlunan sa pagitan ng mga pangngalan kahit pa kinakailangan ang pangngalang LOCATIONAL o DIRECTIONAL para sa tiyak na pagtukoy sa ugnayan.

3.2 *sa* bilang Pagpapahayag ng Metaporang

PANAHOON bilang LUNAN

Ang morpemang *sa* ay ginagamit din upang ilarawan ang ugnayan sa pagitan ng isang entidad o aksiyon at ng pangngalan na nagpapahayag ng PANAHOON, upang ipahiwatig ang metaporang TIME IS SPACE (PANAHOON bilang LUNAN). Sa Filipino, ang konsepto ng PANAHOON ay tintitingnan

bilang isang *assembly line* ng mga lalagyan, kung saan *isinasalin* ang mga pangyayari (kaya lumilitaw ang mga pahayag na *pagbubusan ng panahon*, *may sapat na panahon*, *maubusan ng oras*, *kulang ang oras*). Ang mga lalagyang ito ay maaaring kumatawan sa iba't ibang panukat ng panahon gaya ng *oras*, *araw*, *buwan*, at *taon*. Makikita ito sa mga sumusunod na halimbawa:

- (I2) *sa*
Magbabakasyon ang pamilya sa Disyembre.
- (I3) *sa susunod na*
Magkikita ang magkasintahan sa susunod na linggo.
- (I4) *sa darating na*
Tataas ang sahod ng mga guro sa darating na taon.
- (I5) *sa loob ng*
Matatapos ang pag-aasikaso ng papeles sa loob ng tatlong oras.
- (I6) *kapos sa*
Muntik nang hindi matapos ang proyekto dahil kapos sa oras.

Ang pangungusap (I2) ang prototipikal na halimbawa, samantalang ang mga sumunod na pangungusap (I3) hanggang (I6) ay nagpapahiwatig ng asambleya (assembly line) ng mga lalagyan na “kasya” ang isang sukat ng panahon, at ang kilos ay magaganap sa pagbuhos sa susunod na lalagyang kumakatawan sa pagsisimula ng sumunod na sukat ng panahon. Karagdagan dito, mahihinuha rin ang PANAHOON bilang lalagyan na inilalatag at iniaalis, na siya namang kumakatawan sa pagdaan ng panahon, gaya ng inilalarawan ng mga pahayag na *sa darating na*, *sa nagdaang*, *sa nakaraang*, at iba pa.

3.3 *sa* bilang Pananda ng LOCATIVE

May mga pangungusap sa Filipino kung saan ang panaguri ay nangangailangan ng komplementong LOCATIVE at karaniwang pinangungunahan ng panandang *sa*. Tingnan ang mga sumusunod na halimbawa:

(I7) *Pupunta sa silid-aklatan ang estudyante.*

(I8) *Na=sa kotse ang bag ng dalaga.*

Sa pangungusap (I7) sa itaas, ang pandiwang *pupunta* ay nangangailangan ng obligatoryong intransitive na komplemento ng panaguri na pinangungunahan ng *sa*. Ang pariralang pangngalan na *ang estudyante* ay ang kalahok na fino-focus ng pandiwa. Sa ganitong prototipikal na pangungusap, maaaring ipalit ang panandang *ng* kung ang komplemento ay ipinapahiwatig na hindi depinido (indefinite) gaya ng sumusunod na halimbawang halaw sa pangungusap (I7): *Pupunta ng silid-aklatan ang estudyante*. Sa naturang konstruksiyon, hindi tukoy ang ispesipikong silid-aklatan na pupuntahan ng estudyante, samantalang sa pangungusap (I7), batid kapwa ng nagpahayag at tagapakinig kung aling silid-aklatan ang pupuntahan ng estudyante.

Samantala, ang pangungusap (I8) ay halimbawa ng pangungusap na kumakatawan sa ISKEMANG PANG-ESPASYO, na nagtataglay ng panaguring pinangungunahan ng eksistensiyal na pandiwang hindi nababanghay: ang morpemang *na*⁵. Ang naturang pandiwa ay nangangailangan ng obligatoryong komplementong pinangungunahan ng *sa*.

⁵Mababasa ang ibayong pagtalakay sa kalikasan ng morpemang *na* sa salitang *nasa* sa naunang pag-aaral ng may-akda (Javier, 2013). Gayunman, lumilitaw sa ilang pagkakataon sa pasalitang anyo ng wikang Filipino ang konstruksiyong nag-uulit sa morpemang *sa*, gaya ng sumusunod: *Nasa sa 'yo ang desisyon kung tutuloy kang*

Ang estado ng pariralang pangngalan bilang komplemento ay nakasalalay sa telisidad (telicity) ng pandiwa, na maaaring mahinuha sa semantiks ng pandiwa o sa konteksto ng diskursong pinag-iiralan ng pangungusap. Ang telisidad ay tumutukoy sa kung ang isang pandiwa ay nakasapit sa isang pagtatapos. Tingnan ang mga sumusunod na halimbawa:

- (19) a. *Pumunta sa palengke ang nanay.*
b. *Pinuntahan ng nanay ang palengke.*
- (20) a. *Tumakbo sa ospital ang binata.*
b. *?Tinakbuhan ng binata ang ospital.*
- (21) a. *Tumakbo sa acad oval ang bata (bilang paghahanda sa sportsfest).*
b. *Tinakbuhan ng bata ang acad oval (bilang paghahanda sa sportsfest).*

Sa pangungusap (19a) sa itaas, ang pandiwang *pumunta* ay teliko (telic); ibig sabihin, naganap, nakumpleto, o natapos ng kalahok ang aksiyon. Ganoon din ang mahihinuha sa pangungusap (20a): sa pagsapit sa destinasyon, naganap (nakarating sa kaganapan) ang pandiwang *tumakbo*.

Samantala, ang pangungusap (21a) ay nagpapakita na ang pagiging teliko o ateliko (atelic) ng pandiwa ay maaaring nakabatay sa konteksto ng diskurso. Ang mga komplemento ng pandiwang *tumakbo* ay ang

mag-abroad o hindi. Mahihinuha sa naturang konstruksiyon na ang *nasa* ay naituturing nang isang linggwistik na yunit bunsod ng pag-iral ng ikawalang *sa* na tumatayong pananda ng pariralang pangngalang *yo*.

bata, na siyang gramatikal na simuno ng pangungusap, at *sa acad oval*, o lugar kung saan naganap ang aksiyon. Kung idaragdag ang pariralang *bilang paghahanda sa sportsfest*, ipinapahiwatig ng pangungusap na ang pandiwang laman nito ay ateliko: ang pagtakbo ay hindi kinakailangang makasapit sa katapusan maliban na lamang kung sasabihin sa (susunod na) pangungusap.

Ang telisidad ng pandiwa ay mas lumilinaw kapag sinubukang i-focus ang mga komplementong minamarkahan ng *sa*, gaya ng mga katumbas na pangungusap. Ang panaguring pandiwa sa pangungusap (19b) sa itaas ay naka-focus na sa LOCATION *ang palengke*. Ang pangungusap (21b), kung saan ang komplementong *ang acad oval* ang siyang fino-focus ng pandiwa, ay maituturing ding gramatikal. Sa kasong ito, ang naka-focus na komplemento ay may semantik na tungkuling PATH (sa halip na LOCATION). Ang pangungusap (20b) ay nagkakaroon ng higit-sa-isa (ambiguous) na interpretasyon sapagkat ang pag-focus sa komplementong *ang ospital* ay maaaring mangahulugang ang binata ay tumatakbo dahil *hinahabol* ng ospital, sa halip na tumatakbo papunta roon. Bagaman hindi karaniwan, ang ganitong pahayag ay makahulugan sa mga tagapagsalita ng Filipino dahil pinahihintulutan ng pagiging idyomatiko ng pangungusap, i.e., *tinakbuhan (o tinakasan) ng binata ang (mga bayarin sa) ospital* (na galing sa *tumakbo papalayo sa (mga bayarin sa) ospital*). Sa ganitong pagkakataon, *ang (mga bayarin sa) ospital* ay may semantik na tungkuling SOURCE.

Upang markahan ang LOCATION, GOAL, o SOURCE ng aksiyon na di-tuwirang tinutukoy ng pangngalan, ginagamit ang panandang *may*. Tingnan ang sumusunod na halimbawa:

- (22) *Nagdaos ng maikling programa ang mga raliyista sa may harap ng Sandiganbayan.*

Sa pagkakataong ito, ang *may* ay tinatawag na morpema ng pagtatantiya (approximation morpheme) (Malicsi, 2013).

3.4 ***sa*** bilang Pananda ng Nominalisadong Pandiwa o Pang-uring Di-binanghay

Ginagamit din ang *sa* upang markahan ang mga nominalisadong pandiwa o pang-uring di-binanghay na siyang umookupa sa posisyong dapat ay sa isang pariralang pangngalan. Ang mga pandiwa ay maaaring mag-anyong-gerund o kumukuha ng panlaping nasa aspektong pawatas o perpektibong katatapos (recent perfective), at may paglipat ng stress sa unang [ka-], gaya ng mga sumusunod na pangungusap sa ibaba:

- (23) *Naakit ang turista sa ganda ng Mayon.*
- (24) *Nasanay na sa hirap ang pamayanan.*
- (25) *Nahilig ang anak sa pagsusulat ng tula.*
- (26) *Nangawit ang pasahero sa katatayo.*
- (27) *Sa mabuhay o sa mamatay, maglilingkod ang sundalo alang-alang sa bayan.*

Sa pangungusap (23), ang *sa* ay ginagamit bilang pangmarka sa pang-uring *ganda*, na siyang kumukuha ng komplementong PERCEPT ng pandiwang *naakit*. Gayon din ang makikita sa pangungusap (24), kung saan ang *hirap* ay umiiral bilang abstraktong pangngalan na walang

ikinakabit na panlapi at binibigyan ng metaporikal na interpretasyong LUNAN kung saan umiiral ang simunong *ang pamayanan*.

Ang pangungusap (25) ay kumukuha naman ng anyong gerund na *pagsusulat*. Ayon kay Malicsi (2013), ang panlaping ginagamit upang mabuo ang anyong gerund ng pandiwa ay nakadepende sa prototipikal na panlaping nagfo-focus sa AGENT: kung ang pandiwa ay prototipikal na kumukuha ng *mag-*, ang anyong gerund nito ay may pag-uulit ng panlapi (C_IV_I-) gaya ng *magwalis* > *pagwawalis*. Kung ang pandiwa naman ay prototipikal na kumukuha ng *-um-*, ang anyong gerund nito ay walang panlapi ng reduplikasyon (C_IV_I-) sa stem, gaya ng *umawit* > *pag-awit*. Sa kaso ng *sulat* na maaaring kumuha ng *mag-* o *-um-* depende sa kung ang kilos ay may tiyak na layon, maaaring gamitin ang *pagsulat* (galing sa *sumulat*) o *pagsusulat* (galing sa *magsulat*).

Ang pangungusap (26) ay kumukuha ng pandiwang nasa aspektong recent perfective. Subalit dagdag sa anyong aspektuwal na ito, lumilipat ang diin sa unang [*ka-*], at ang interpretasyon ay DURATIVE (na maaaring pamalagian/nakasanayan, pangmatagalan, o paulit-ulit na aksiyon). Ang pangungusap (27) ay kumukuha ng pawatas na anyong aspektuwal ng pandiwa. Dahil sa non-finite ang pandiwa, ipinapalagay na ang interpretasyon sa ganitong uri ng pangungusap ay nasa panaganong pasakali (subjunctive mood o pahayag na ipinagpapalagay, hinihiling, nasa imahinasyon). Sa mga halimbawang pangungusap sa itaas, litaw pa rin ang metapora ng SITWASYON BILANG LUNAN (SITUATION AS PLACE) sa pagbibigay-kahulugan sa mga ito.

4 Ang Morpemang *-an* sa Pisikal at Di-pisikal na LUNAN

Itinuturing na unibersal ang pagdalumat sa LUNAN sa maraming wika. Ayon kina Grabowski at Weiss (1996), “ang karaniwang katangian ng pagsasalokal ng mga pahayag ay isang ugnayang panlunan na itinatag sa pagitan ng isang bagay at ng pinatutungkulang bagay, o sa pagitan ng lugar ng isang bagay at ng lugar na kinaroroonan ng pinatutungkulang bagay]” (p. 20, salin mula sa Ingles). Upang maipahiwatig ito, gumagamit ang tagapagsalita ng pamamaraan upang maipahayag ito sa pamamagitan ng pang-ukol. Gayunman, hindi nalilimita sa pang-ukol ang pagpapahayag ng LUNAN. Ang metaporikal na konstruksiyon ng LUNAN ay malawak na nakalatag sa wika na kahit ang mga pangyayaring hindi tuwirang naglalarawan ng ugnayang panlunan sa mga bagay sa kongkreto at abstrak na antas, laganap ang metapora ng LUNAN. Sa kaso ng Filipino, ipinapahayag ang maraming konsepto sa loob ng pangungusap sa pamamagitan ng paggamit ng mga panlapi, gaya ng panlaping *-an*.

Ang mga PISIKAL NA LUNAN ay tumutukoy sa mga aktuwal na heograpikal na lugar o bagay (na may pagtukoy sa daigdig) na maaaring kalagyan ng THEME sa pangungusap gaya ng *Pilipinas, silya, opisina*. Ang mga DI-PISIKAL NA LUNAN naman ay kinabibilangan ng mga tao, lugar, panahon, bagay, o pangyayari na nakararanas, naglalaman, tumatanggap ng tinutukoy ng panaguri, gaya ng *estudyante, website*, at *panahon ng kolonyalismong Amerikano*. Ito ang binigyang-turing nina Radden at Dirven (2007) na PANAHOONG PANG-ESPASYO at ABSTRAKTONG LUNAN. Sa Filipino, ang LUNAN ay kadalasang tinatakdaan ng semantik na

tungkuling LOCATION (SOURCE/PATH/GOAL) O REFERENCE, lalo na sa mga nakapaloob sa metaporikal na paglilipat/pagsasalin.

4.1 Anyo ng Pandiwa na May Semantik na Tungkuling LOCATION

Sa Filipino, maraming pangungusap ang naglalaman ng panaguring nangangailangan ng semantik na tungkuling LOCATION. Kapag hindi naka-focus ang pariralang pangngalan na LOCATION, tinatakdaan ito ng panandang *sa*. Ngunit kapag ito ang naka-focus na komplemento ng panaguri, ito ay tumatanggap ng panandang *ang* samantalang ang panaguri (na pandiwa) ay kinakabitan ng akma ng panlapi. Tingnan ang mga halimbawang pangungusap:

(28) *Sinementuhan ng tatay ang bakod.*

(29) *Ginandahan ng dalaga ang kaniyang sayaw.*

Ang panaguri sa mga pangungusap sa itaas ay kinakabitan ng panlaping *-in-* na nagpapahayag ng aspektong perpektibo, at ng panlaping *-an* na nagbibigay-focus sa LOCATION gaya ng *ang bakod* sa (28) at *ang kaniyang sayaw* sa (29). Ang pagiging LOCATIVE ng naka-focus na komplemento sa halimbawang pangungusap (29) sa itaas ay metaporikal; ibig sabihin, ipinapahiwatig nitong nilagyan ng katangiang *ganda* ang aksiyon ng pagsayaw ng dalaga. Ito ay maihahambing sa pangungusap (28) na nagpapahiwatig na ‘lagyan ng semento ang bakod’ batay sa panaguri nitong *sementuhan*.

4.2 Metapora ng LUNAN sa Pandiwang KAGANAPAN

Makikita rin ang konsepto ng LUNAN sa mga pandiwang nagpapahayag ng pagbibigay-pansin, pagdama, at persepsiyon; at karaniwan din sa mga pang-uring may semantik na uri na GAWI. Tingnan ang mga sumusunod na pangungusap:

- (30) a. *Nagalit sa bata ang guro.*
b. *Kinagalitan ng guro ang bata.*
- (31) a. *Namuhi si Juan sa mga kaklase niya.*
b. *Kinamuhian ni Juan ang mga kaklase niya.*
- (32) a. *Natuwa sa pusa ang dalaga.*
b. *Kinatuwaan ng dalaga ang pusa.*
- (33) a. *Natakot sa payaso ang matanda.*
b. *Kinatakutan ng matanda ang payaso.*

Ang mga pangungusap (a) sa itaas ay naglalaman ng mga pandiwang KAGANAPAN bilang panaguri. Ibinibilang ang mga ito na KAGANAPAN dahil sa pagkakabit ng panlaping replacive na *Na-* sa mga stem na pawang nagpapahayag ng emosyon sa pariralang pangngalan na ang semantik na tungkulin ay PERCEPT. Samantala, kung ifo-focus naman ang PERCEPT sa halip na EXPERIENCER gaya ng mga pangungusap (b) sa itaas, nagbabago ang anyo ng panaguri—ikinakabit ang panlaping *ka-...-an*—at inililipat ang panandang *ang* sa pariralang pangngalan na ang semantik na tungkulin ay PERCEPT.

4.3 Metapora ng LUNAN sa mga Pandiwang

KAISIPAN/PAKIKIPAGTALASTASAN

Ang mga pandiwang KAISIPAN/PAKIKIPAGTALASTASAN ay may sintaktik na gawi na nakakawing din sa metapora ng LUNAN, partikular ang pagsasalin ng impormasyon mula sa tagapagsalita patungo sa tagapakinig. Sa Cognitive Grammar, ito ay nakapailalim sa force-dynamic world of experience na ABSTRAK NA PAGLIPAT. Tingnan ang mga sumusunod na halimbawa:

- (34) *Nagsasabi ng katotohanan sa hukom ang saksi.*
- (35) *Ipinaliwanag ng nasasakdal sa abogado ang pangyayari.*
- (36) *Magpapaalala sa iyo ang kaklase mo na kailangan mong gumising nang maaga bukas.*

Makikita sa mga pangungusap sa itaas na ang mga panaguring ginamit ay ang mga pandiwang PAKIKIPAGTALASTASAN na *nagsasabi*, *ipinaliwanag*, at *magpapaalala*. Ang mga naturang pandiwa ay nagtatakda ng panandang nominal na *sa* para sa komplementong nominal na tumatayong THEME. Maliban sa THEME o semantik na tungkuling tumatanggap ng impormasyon, nakapaloob din ang semantik na tungkuling PATIENT gaya ng ng *katotohanan*, *ang pangyayari*, at ang sugnay na komplementong *na kailangan mong gumising nang maaga bukas*. Kasama rin ang semantik na tungkuling AGENT na siyang pasimuno ng aksiyon ng mga ganitong uri ng pandiwa. Kapag ang panaguring pandiwa ng mga pangungusap sa itaas ay magfo-focus sa THEME, ang magiging resultang anyo ay gaya ng mga pangungusap (37) hanggang (39) sa ibaba:

- (37) *Ang hukom ang pinagsabihan ng saksi ng katotohanan.*
- (38) *Ang abogado ang pinagpaliwanagan ng nasasakdal ng pangyayari.*
- (39) *Ikaw ang papaalalahanan ng kaklase mo na kailangan mong gumising nang maaga bukas.*

Ginamit sa pagbabagong-anyo ang pangungusap na nagtataglay ng panaguring identificational, na ayon kina Reid at Liao (2004, p. 4) ay panaguring nagbibigay ng ispesipikong pagkakakilanlan na nasa anyong nominatibo (*ang-form*), kung kaya ang resultang pangungusap ay may konstruksiyong *ang-ang*. Sa ganang ito, mas napatitingkad o nagiging mas katanggap-tanggap sa pragmatikong paraan ang anyo ng mga pangungusap. Sa pangungusap (39), ang ginamit na panghalip panao ay nasa anyong *ang* (*ang-form*), alinsunod pa rin sa konstruksiyong identificational. Makikita rin sa mga anyo ng mga panaguring pandiwa sa itaas ang paggamit pa rin ng panlaping *-an* na pangkaraniwang para sa komplementong nominal na may semantik na tungkuling LOCATION, na ang mga anyong pawatas ay: *pagsabihan*, *pagpaliwanagan*, *paalalahanan*.

Ang LOCATION ay pinakapangkaraniwang ipinapahayag sa pamamagitan ng mga pangungusap na may ISKEMANG PANG-ESPASYO at naglalaman ng panaguring *nasa* + pariralang pangngalan, kung saan itinuturing na dalawang morpema ang *na*, isang pandiawang eksistensiyal na di-nababanghay at *sa*, panandang nominal para sa pariralang pangngalan na may semantik na tungkuling THEME (maaaring balikang ang naunang seksiyon ukol sa *sa* bilang pananda ng LOCATIVE para sa pagtalakay ng portmanteau na *nasa* sa Filipino).

5 Ang mga Nosyon ng SANHI-AT-BUNGA at Konsepto ng LUNAN sa Filipino

Ang nosyon ng SANHI-AT-BUNGA ay binubuo ng SANHI, DAHILAN, at LAYUNIN. Makikita ang kaibahan ng tatlo sa pamamagitan ng ibinigay nina Radden at Dirven (2007, p. 327) na halimbawa, sinipi sa ibaba:

- (40) *The bride's mother cried for joy. (= because of)* [cause]
- (41) *He went on trial for murder. (= on account of)* [reason]
- (42) *He's crying for help. (= in order to get)* [purpose]

Bagaman ang tatlong uri ng nosyon ng SANHI-AT-BUNGA na binanggit sa itaas ay magkakatulad sa paraang lahat sila ay nagbibigay ng paliwanag na SANHI-AT-BUNGA sa pagbabago ng estado o mga pangyayari, nagkakaiba-iba naman ang mga ito sa interpretasyon at, kadalasan, sa paraan ng pagpapahayag.

Ang SANHI ay sitwasyon na nagbubunsod ng isa pang pisikal o sikolohikal na sitwasyon bilang epekto. Higit na daglian ang epekto ng SANHI sa isang sitwasyon kaysa SINGKUNSTANSIYA, at mahihinuha ang iskema na SOURCE-PATH-GOAL bilang abstraksiyon ng mga pahayag na SANHI-BUNGA. Ang mga SANHI sa Filipino ay ipinapahayag sa pamamagitan ng *sa*, na dinaglat na anyo ng pariralang *dahil sa*, gaya ng makikita sa mga sumusunod na pangungusap:

- (43) *Umiyak sa tuwa ang nanalo sa lotto.*
- (44) *Namatay sa leptospirosis ang bata.*

Sa Ingles, magkaiba ang pagpapahayag ng DIREKTANG SANHI (gaya ng pangungusap (43)) at DI-DIREKTANG SANHI (gaya ng pangungusap

(44)), kung saan *of* ang ginagamit sa (43) samantalang *from* naman para sa DI-DIREKTANG SANHI sa pangungusap (44)). Sa kabilang banda, sa Filipino, ginagamit ang panandang nominal na *sa* upang ipahayag ang SANHI, tuwiran man o hindi ang ugnayan ng dalawang sitwasyon.

Ang dalawang halimbawang pangungusap sa ibaba ay naglalarawan naman ng mga SANHI na nagdudulot ng EMOSYON (o ‘CAUSES triggering EMOTIONS’):

(45) *Nagalit ang nanay sa pagdadabog ng dalaga.*

(46) *Masaya ang mga manlalaro sa resulta ng patimpalak.*

Ang mga SANHI ay ipinapahayag sa pamamagitan ng pariralang pangngalan o sugnay na komplemento at pinangungunahan ng panandang nominal na *sa*. Makikitang ang panaguri sa matrix na pangungusap ay maaaring pandiwang nagpapahayag ng KAGANAPAN NG EMOSYON (EMOTION ACHIEVEMENT), gaya ng *nagalit* sa pangungusap (45) o pang-uri na naglalahad ng EMOSYON, gaya ng *masaya* sa pangungusap (46).

Ang huling pares ng halimbawang pangungusap sa ibaba ay nagpapahayag naman ng REAKSIYON dulot ng EMOSYON (o ‘EMOTIONS triggering REACTIONS’):

(47) *Namutla sa takot ang binata.*

(48) *Mamamatay ako sa hiya sa ginawa mo!*

Ang uring ito ng SANHI ay naglalarawan ng epekto ng emosyon sa tao na maaaring pisikal (o pisiyolohikal) o iba pang kahawig na reaksiyon, gaya halimbawa ng inilalarawan ng pamumutla na dulot ng pagkatakot

sa halimbawang pangungusap (47) at ng matalinghagang pahayag na pagmamalabis (hyperbole) na *mamamatay* na dulot ng kahihiyang sa sitwasyong ipinapahayag ng pangungusap (48). Ang mga naturang SANHI ay minamarkahan ng *sa*, na maaaring pinaikling anyo ng *dahil sa*.

Ang DAHILAN ay sitwasyong nagbibigay-paliwanag sa isang pangyayari; gayunman, hindi kinakailangang totoo ang ugnayan sa pagitan ng mga sitwasyon at maaaring ayon lamang sa paghatol ng tagapagsalita. Sa Filipino, ginagamit ang buong anyo ng pariralang *dahil sa* upang ipahayag ang DAHILAN.

(49) *Pinuri ng tatay ang bata dahil sa pagkapanalo niya sa quiz bee.*

(50) *Inaresto ang binata dahil sa droga.*

Naiiba ang DAHILAN sa SANHI dahil sa ang DAHILAN ay naglalarawan ng mga totoo o nangyaring sitwasyon na ipinapalagay na paliwanag sa isa pang sitwasyon. Ang mga DAHILAN ay maaaring nakabatay sa mga palagay mula sa mga naobserbahang pangyayari o sa mga norm na ispesipiko sa kultura ng pamayanan. Ipinapahayag ang DAHILAN sa Filipino sa pamamagitan ng sugnay na komplemento o pariralang pangngalan na minamarkahan ng *sa*, gaya ng mga halimbawang pangungusap (49) at (50) sa itaas.

Ang LAYUNIN ay naglalarawan ng sitwasyong itinuturing na tunguhing ninanais o hinahangad na makamit sa pamamagitan ng kilos na nakapaloob sa pangungusap o diskurso. Ang mga LAYUNIN ay karaniwang nakaangkla sa hinaharap na panahon at, kagaya ng DAHILAN, umiiral sa isip ng tagapagsalita. Sa Filipino, may ilang paraan upang ipahayag ang LAYUNIN, gaya ng makikita sa mga sumusunod na halimbawang pangungusap:

- (51) *Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa aming tanggapan.*
- (52) *Sa layuning makatulong sa mahihirap, itinatag ng Kagawaran ang 4Ps.*
- (53) *Mag-Grab na tayo nang makaabot sa pagsisimula ng pelikula.*
- (54) *Uminom siya ng gatas upang madaling makatulog.*

Ang mga LAYUNIN ay naglalarawan ng sitwasyon na kadalasang tinitingnan bilang metapora ng DESTINASYON. Itinatakda kung gayon ang semantik na tungkuling GOAL o DESTINASYON, na minamarkahan sa iba't ibang paraan sa Filipino, gaya ng *para sa*, *sa layuning*, *nang*, at *upang*. Maihahambing ito sa pisikal na destinasyon na hinahangad na masapit. Inilalarawan ng mga halimbawang pangungusap sa itaas na ang aksiyon ay kinailangang isagawa upang makasapit sa hinahangad na makamit o layon.

6 Ilan pang mga Tala sa Konseptuwal na Metapora ng LUNAN sa Filipino

Sa papel na ito, inilahad ang mga representasyon ng mga konstruksiyon sa Filipino na naglalahad at/o nagpapahiwatig ng konseptuwal na metapora ng LUNAN.

Para kay Pinker (1997), ang tao, bilang nag-iisip na hayop, ay gumagamit ng metapora sa wika, partikular ang mga may kinalaman sa ESPASYO at PUWERSA—ang mga ito ay nabuo bilang mga payak na estruktura upang maunawaan ang mas komplikadong ideya. Ayon pa kina Gentner et al. (2001), “[l]abis tayong nakadepende sa pagmamapa mula sa mga domeyn ng danas gaya ng ugnayang may kinalaman sa

espasyo at pagtatalaban ng katawan, dahil ang ating mga modelo sa mga domeyn na ito ay sapat ang pagkasistematiko upang magbigay ng palagay sa estruktura ng iba pang domeyn” (p. 238, salin mula sa orihinal na Ingles).

Ang pagdalumat sa iba’t ibang danas ng tao ay naipapahayag sa pamamagitan ng ekstensiyon ng konsepto ng LUNAN gaya ng mga halimbawang pahayag sa wikang Filipino na inilatag at tinalakay sa itaas. Ito ay umaalingawngaw sa ipinahayag nina Radden at Dirven (2007):

Ang pagkakita at paglalarawan sa panahon, mga pangyayari, sanhi, dahilan o layunin sa pamamagitan ng espasyo ay napakanatural na kailangan nating pag-isipang makalawa bago natin mapagtanto na tayo ay gumagamit ng metapora. Mayroon tayong mayamang pagdalumat ng espasyo, at kapag pinupuntirya natin ang mga nosyong panlunan sa abstrak na domain madalas nating napananatili ang topolohiya ng espasyo kahit na hindi ito nailalapat sa tunguhing domain... Gayunman, sa kanilang mga metaporikal na gamit, ang mga pang-ukol na panlunan ay nagbibigay-daan upang makabuo ng higit na masinsing pag-iiba-iba sa mga abstrak na domain na hindi natin magagawa kung hindi natin magagamit ang metaporang panlunan (p. 304, salin mula sa orihinal na Ingles).

Malapit at payak ang karanasang naglalarawan ng kaugnayan ng tao sa mga bagay sa pisikal na LUNAN. Ito ang nagbibigay-paliwanag

sa domeyn ng ESPASYO na nagsisilbing batis ng metapora sa marami pang ibang domeyn gaya ng PANAHOON at iba pang abstrak na domeyn. Ayon pa kina Radden at Dirven (2007): "...ang mga nosyon ng pisikal, pamanahon at abstrak na espasyo ay karaniwang ipinapahayag bilang mga pariralang pang-ukol" (p. 331, salin mula sa orihinal na Ingles). Ang pagkakahawig ng mga panandang ginagamit para sa iba't ibang domeyn ay nagpapakita na ang domeyn ng ESPASYO ay pinalalawig sa iba pang domeyn ng karanasan ng tao, na inilalarawan ng mga pangungusap. Inaasahang makapag-ambag ang ganitong analisis sa wika (na hindi lamang nakabatay sa sintaktik na gawi ng mga linggwistik na konstruksiyon) na umuugat sa semantiks at pragmatiks (i.e., naisasama maging ang mga metaporikal na pahayag sa paglalarawan ng buong grammar ng wika) sa ikauunlad ng iba pang usaping may kinalaman sa wika gaya ng pedagohiya, leksikograpiya, at pagsasalin. Sa ganitong pagtingin at pagsusuri sa mga linggwistik na ekspresyon sa isang partikular na wika, lalo ring napatitingkad hindi lamang ang mga idiyosingkratikong katangian ng mga indibidwal na wika, kundi maging ang pananaw-mundo ng mga tagapagsalita nito.

7 Mga Sanggunian

Dixon, Robert Malcolm Ward. (2005). *A semantic approach to English grammar*. Oxford University Press.

Enriquez, Ma. Althea T. (2004). Isang analisis sa mga pangungusap na ELPP. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, 12(1), 6–16.

- Evans, Vyvyan, & Tyler, Andrea. (2005). Applying cognitive linguistics to pedagogical grammar: The English prepositions of verticality. *Revista Brasileira de Linguística Aplicada*, 5(2), 11–42.
- Fortis, Jean-Michel, & Fagard, Benjamin. (2010). Adnominals: Topological-functional adpositions, spatial phrases and spatial cases. Sa *Space and language*. Leipzig Summer School in Typology.
- Gentner, Dedre, Bowdle, Brian F., Wolff, Phillip, & Boronat, Consuelo. (2001). Metaphor is like analogy. Sa Dedre Gentner, Keith J. Holyoak, & Boicho N. Kokinov (Pat.), *The analogical mind*. MIT Press.
- Grabowski, Joachim, & Weiss, Petra. (1996). The prepositional inventory of languages: A factor that affects comprehension of spatial prepositions. *Language Sciences*, 18(1-2), 19–35.
- Jackson, Howard. (1990). *Grammar and meaning: A semantic approach to English grammar*. Routledge.
- Javier, Jem R. (2013). *Ang clause structure ng Tagalog batay sa cognitive grammar* [Masteradong Tesis]. Unibersidad ng Pilipinas Diliman.
- Javier, Jem R. (2014). The material and the psychological: An analysis of Tagalog clause structure using Cognitive Grammar. *Jati: Journal of Southeast Asian Studies*, 19, 128–150.
- Javier, Jem R. (2022). *Semantik na grammar ng Filipino* [Disertasyong Doktorat]. Unibersidad ng Pilipinas Dliman.
- Lakoff, George, & Johnson, Mark. (1980). *Metaphors we live by*. Chicago University Press.

- Langacker, Ronald W. (1987). *Foundations of CG volume 1: Theoretical prerequisites*. Stanford University Press.
- Langacker, Ronald W. (1991). *Foundations of CG volume 2: Descriptive application*. Stanford University Press.
- Langacker, Ronald W. (2002). *Concept, image, symbol: The cognitive basis of grammar* (ika-2 ed.). Mouton de Gruyter.
- Langacker, Ronald W. (2008). *CG: A basic introduction*. Oxford University Press.
- Malicsi, Jonathan C. (2012). Pang-ukol sa Filipino. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, 18(1-20), 39–82.
- Malicsi, Jonathan C. (2013). *Grammar ng Filipino*. UP Sentro ng Wikang Filipino – Diliman.
- Naglalalahad ng Batayang Deskripsyon ng Filipino. (1992). *Resolusyon Blg. 92-1, Komisyon sa Wikang Filipino*. <http://wika.pbworks.com/w/page/8021710/Resolusyon%20Blg%2092-1>
- Paz, Consuelo J. (1995). Ang Filipino bilang linggwa frangka. Sa *Wikang Filipino: Atin ito*. Unibersidad ng Pilipinas Sentro ng Wikang Filipino – Diliman.
- Pinker, Steven. (1997). *How the mind works*. W.W. Norton and Company.
- Radden, Günter, & Dirven, René. (2007). *Cognitive English grammar*. John Benjamins Publishing Company.
- Reid, Lawrence A., & Liao, Hsiu-chuan. (2004). A brief syntactic typology of Philippine languages. *Language and Linguistics*, 5(2), 433–490.